Washington College Grant

Tuparin ang mga pangarap mo!

Simula 2020, mas maraming residente ng Washington ang makakapasok sa kolehiyo sa mas murang halaga. Para sa marami, magiging libre na ito. Ang Washington College Grant, na dati ay State Need Grant, ay isang garantiya na ang mga mag-aaral na mula sa mga pamilyang nakakatugon sa limitasyon para sa pinansyal na tulong, ay makakakuha ng buong halaga para bayaran ang matrikula at iba pang bayarin kung binabalak nilang pumasok sa isang pampublikong paaralan ng estado, at bahagi ng matrikula kung binabalak nilang pumasok sa isang aprubadong pribadong kolehiyo o unibersidad. Listahan ng mga kwalipikadong institusyon: https://readysetgrad.wa.gov/eligible-institutions. Pinalalawak ng bagong batas ang mas maliliit na tulong sa mga mag-aaral na nagmumula sa mga pamilyang nakakaabot ng panggitnang kita. Ibig sabihin noon, abot-kaya na ang kolehiyo apra sa maraming maaaring hindi nagkwalipika sa ilalim ng lumang cutoff para sa pinansyal na tulong.

Planuhin ang iyong kinabukasan!

Ang mga pondo ay maaaring gamitin para sa iba't ibang edukasyon matapos ang hayskul, kabilang ang mga pag-aaral nang dalawa at apat na taon, at mga trade at teknikal na paaralan, gayundin ang mga aprubadong programang apprenticeship.

Ang Washington College Grant ay isang kaloob, hindi isang pautang, kaya hindi mo ito kailangang bayaran.

Maaari mong pagsamahin ang kaloob at iba pang tulong ng estado o pederal upang mabayaran ang malaking bahagi ng lahat ng gastos na may kaugnayan sa pag-aaral, hindi lamang ang matrikula.

Matuto ng higit pa

- Washington College Grant: https://wsac.wa.gov/pathways
- Upang makatanggap ng kaloob, dapat kumpletuhin ng mga mag-aaral ang Free Application for Federal Student Aid (FAFSA) form. Kung pinipigilan ka ng iyong katayuan sa imigrasyon na sagutan ang federal form, maaari mong sagutan ang Washington Application for State Financial Aid (WASFA) form. Ang pagsagot sa alinmang form ay ang unang hakbang sa pagkakaroon ng akses sa perang ito. Ang parehong form ay makukuha sa https://wsac.wa.gov/apply
- Alamin kung paanong makakahingi ng tulong sa pag-a-apply sa kolehiyo at pinansyal na tulong: https://readysetgrad.wa.gov/12thyear

Ang impormasyong ito ay ipinagkakaloob ng Washington Education Association, ang pangunahing tagapagtaguyod ng ating estado para sa mga pampublikong paaralan, mag-aaral, at edukador. Bisitahin ang https://www.WashingtonEA.org